REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000
Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Hunyo 5 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 250 s 2000

IKA-3NG BIYENYAL NA KONGRESO AT TAGISANG PILIPINO
NG KULTURANG PAMANA

Sa mga
Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Guro ng mga Pribadong Paaralang Sekundarya
Tagapangulo, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon

1 Ang Kulturang Pamana, isang non-government organization na nagtataguyod ng mga pagpapahalagang pangkalinangang Pilipino ay magdaraos ng Ika-3ng Biyenyal na Kongreso sa Central Luzon State University, Munoz, Nueva Ecija sa ika-26 ng Agosto 2000 Ang tema ng kongreso ay "Ang Pagkataong Pilipino at ang Bagong Milenyo"

2 Kaugnay nito, ang samahan ay magsasagawa ng isang tagisan, ang "Tagisang Pilipino" tungkol sa kaalaman sa lahi, kultura at bansang Pilipino para sa mga mag-aaral ng hayskul at kolehiyo, pampribado at pampubliko, na may mga paksang Kasaysayan Kaugalian Mga Bagong Kaganapan Sariling Wika Sariling Awit, Sariling Tanawin Sariling Sayaw at iba pa

3 Inaasahang ang mga dadalo ay mga guro at mag-aaral ng Agham, Araling Panlipunan, Kasaysayan Filipino at Edukasyon sa Pagpapahalaga tagamasid at puno ng iba't ibang kagawarang pang-akademiko Ang pagdalo ay kailangang hindi makakaapekto sa regular na takbo ng klase sa mga paaralan

4 Ang bayarin para sa pagpapatala ay Tatlong Daang Piso (P300 00) para sa guro at Dalawang Daang Piso (P200 00) para sa mag-aaral Ang akomodasyon ay Tatlong Daang Piso (P300 00) para sa kuwartong aircon at Isang Daang Piso (P100 00) sa hindi aircon Maaring dumalo ang mga guro at kanilang mga mag-aaral mula sa pampublikong paaralan sa opisyal na oras lamang Ang mga magmumula sa pribadong ahensiya ay kinakailangang makipag-ugnayan sa kanilang sariling tanggapan hinggil sa kaayusang pananalapi

5 Kalakip nito ang isang sipi ng pinaliit na poster ng tagisan tungkol sa mekaniks ng patimpalak. Para sa karagdagang impormasyon makipag-alam kay G Jun Tanyag sa SDC Basement Lopez Bldg, Meralco, Ortigas Avenue Pasig City tel blg 641-0859/16228648

6 Hinahangad ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Kalakip
Gaya ng nasasaad

Sanggunian
Memorandum Pangkagawaran Blg 211 s 1999

Pamumudmod 1—(D O 50-97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa

CONFERENCES
CONTESTS
SECONDARY EDUCATION




# ISANG TAGISAN NG KAALAMAN SA LAHI, KULTURA AT BANSANG PILIPINO

**Sabado Agosto 26 2000 Ika 1 30 NH** ***(Semifinals/Championships)***
**RET Amphitheater Central Luzon State University Muñoz Nueva Ecija**
*(Opisyal na Pag endorso ng DECS at CHED at Pagsahimpapawid sa Buong Kapuluan ng 702 DZAS AM Inaasikaso Na)*

**MGA PATAKARAN**

1 MGA MAG AARAL ng hayskul at pamantasan (kahit anong taon) TATLONG (3) mag aaral at isa o higit pang tagapagturo bawat paaralan ang maaaring lumahok Ang isang paaralang may hayskul at kolehiyo ay maaari ding magpadala ng dalawang pangkat ng kalahok—isang pangkat mula sa hayskul at isang mula sa kolehiyo

2 PIPILIIN sa panimulang tagisan (elimination round) ang sampung hayskul at sampung pamantasan na magtatagisan sa semifinal round ~~Ang mga kampeon sa nakaraang una at ikalawang Tagisang Pilipino (kung dadalo) ay awtomatikong kalahok sa semifinal round~~. Sa kampeonato o final round muling magtatagisan ang dalawang pangkat na hayskul at dalawang pangkat na pamantasan na may pinakamataas na mga iskor

3 MULA SEMIFINALS hanggang kampeonato may sampung segundo ang mga kalahok upang sagutin ang bawat madali (easy) medyo mahirap (average) at mahirap (difficult) na mga tanong ng guro ng tagisan o quiz master

4 BAGAMAT ANG OPISYAL na talaan ng mga kalahok at tagapagturo ay maaaring ibigay pagrehistro ng mga dadalo/kalahok sa araw ng tagisan (Agosto 26) kasabay ng IKA 3NG BIYENYAL NA KONGRESO ng Kulturang Pamana malaking tulong sa mga namamahala kung maipapadala agad ang BILANG NG POSIBLENG DUMALO at PINILING TIRAHAN (Tingnan ang detalye sa likod ng pahinang ito ) para sa kaukulang paghahanda (ng pagkain tirahan regalo mula sa mga isponsor T shirt atbp )

5 Para sa ibang detalye makipag ugnay kay ____________ ________________________ __________ Punong Tagapag ugnay ng Kulturang Pamana sa inyong paaralan

**MGA GANTIMPALA**

Tropeo medalya salapi o gift certificate katibayan ng paglahok T shirt at sari saring mga produkto ng mga tagatangkilik

**MGA PAKSA**

Kasaysayan (Sino ang pinaka unang mga nanirahan sa Pilipinas?) Kaugalian (Ano ang tawag sa kusang loob na pagtutulungan?) Mga Bagong Kaganapan (Sino ang star witness ng taga usig sa kasong Vizconde?) Sariling Wika (Katumbas ng aloha ?) Sariling Awit (Pamukaw awit ng Himagsikang EDSA?) Sariling Tanawin Sariling Sayaw atbp tungkol sa lahi kultura at bansang Pilipino

SA PAKIKIPAGTULUNGAN NG

CLSU DECS CHED DOT Unilever Goldilocks

How thoughtful How Goldilocks

*Sumali sa Ika-3ng,*

# TAGISANG PILIPINO

*ng*

Kulturang Pamana
Sariling Kultura Pambansang Pamana

## ISANG TAGISAN NG KAALAMAN SA LAHI KULTURA AT BANSANG PILIPINO

Sabado Agosto 26 2000 Ika 1 30 NH (Semifinals/Championships)
RET Amphitheater Central Luzon State University Muñoz Nueva Ecija
*(Opisyal na Pag-endorso ng DECS at CHED at Pagsahimpapawid sa Buong Kapuluan ng 702 DZAS AM Inaasikaso Na)*

**MGA PATAKARAN**

1. MGA MAG AARAL ng hayskul at pamantasan (kahit anong taon) TATLONG (3) mag aaral at isa o higit pang tagapagturo bawat paaralan ang maaaring lumahok. Ang isang paaralang may hayskul at kolehiyo ay maaari ding magpadala ng dalawang pangkat ng kalahok—isang pangkat mula sa hayskul at isang mula sa kolehiyo

2. PIPILIIN sa panimulang tagisan (elimination round) ang sampung hayskul at sampung pamantasan na magtatagisan sa semifinal round~~. Ang mga kampeon sa nakaraang una at ikalawang Tagisang Pilipino (kung dadalo) ay awtomatikong kalahok sa semifinal round~~. Sa kampeonato o final round muling magtatagisan ang dalawang pangkat na hayskul at dalawang pangkat na pamantasan na may pinakamataas na mga iskor

3. MULA SEMIFINALS hanggang kampeonato may sampung segundo ang mga kalahok upang sagutin ang bawat madali (easy) medyo mahirap (average) at mahirap (difficult) na mga tanong ng guro ng tagisan o quiz master

4. BAGAMAT ANG OPISYAL na talaan ng mga kalahok at tagapagturo ay maaaring ibigay pagrehistro ng mga dadalo/kalahok sa araw ng tagisan (Agosto 26) kasabay ng IKA 3NG BIYENYAL NA KONGRESO ng Kulturang Pamana malaking tulong sa mga namamahala kung maipapadala agad ang BILANG NG POSIBLENG DUMALO at PINILING TIRAHAN (Tingnan ang detalye sa pahinang ito) para sa kaukulang paghahanda (ng pagkain tirahan regalo mula sa mga isponsor T shirt atbp)

5. Para sa ibang detalye makipag ugnay kay _______________ Punong Tagapag ugnay ng Kulturang Pamana sa inyong paaralan

**MGA GANTIMPALA**

Tropeo medalya salapi o gift certificate katibayan ng paglahok T shirt at sari saring mga produkto ng mga tagatangkilik

**MGA PAKSA**

Kasaysayan (Sino ang pinaka unang mga nanirahan sa Pilipinas?) Kaugalian (Ano ang tawag sa kusang loob na pagtutulungan?) Mga Bagong Kaganapan (Sino ang star witness ng taga usig sa kasong Vizconde?) Sariling Wika (Katumbas ng 'aloha'?) Sariling Awit (Pamukaw awit ng Himagsikang EDSA?) Sariling Tanawin Sariling Sayaw atbp tungkol sa lahi kultura at bansang Pilipino

# IKA-3NG BIYENYAL NA KONGRESO

**SABADO AGOSTO 26 2000**
**RET AMPHITHEATER CLSU MUÑOZ NUEVA ECIJA**

**ISKEDYUL NG KONGRESO AT TAGISANG PILIPINO**

**BIYERNES AGOSTO 25**

| | |
|---|---|
| 1 00 7 00 N G | PAGDATING/PAGPAPATALA ng mga delegadong manunuluyan sa Executive Guest House RSTC Hostel at Training Dormitory (pawang nasa loob ng CLSU campus) |
| 8 00 10 00 N G | PAGTITIPON NG MGA DELEGADO T PANAUHIN sa Alumni Center |

**SABADO AGOSTO 26**

| | |
|---|---|
| 8 00 N U | PAGPAPATALA ng mga delegado sa RET Amphitheater KUHANAN NG RETRATO bawat delegasyon (walambayad) |
| 9 00 | PAMBUNGAD NA PALATUNTUNAN TALUMPATI NG PANAUHING PANDANGAL |
| 10 00 | MERYENDA |
| 10 30 | PANIMULANG TAGISAN (Elimination Round) |
| 11 00 | TANGHALIAN ng mga kalahok sa tagisan PAGPAPAKILALA ng mga puno ng delegasyon at kasalukuyang pamunuan ng Kulturang Pamana PAGMUNGKAHI ng mga kandidato (Lupon ng mga Tagapangalaga) HALALAN ng bagong kasapi ng Lupon ng mga Tagapangalaga BILANGAN ng boto PAGPAPAHAYAG ng mga bagong kasapi ng Lupon HALALAN ng bagong pamunuan ng Kulturang Pamana |
| 12 00 N T | TANGHALIAN ng iba pang mga delegado |
| 1 00 N H | PATIMPALAK sa mga manonood |
| 1 30 | PAGPAPATULOY NG TAGISAN (Semifinals hanggang Kampeonato) |
| 2 30 | MERYENDA |
| 3 30 | PANGWAKAS NA PALATUNTUNAN |

**LINGGO AGOSTO 27**

| | |
|---|---|
| 8 00 11 00 N U | PAG ALIS NG MGA DELEGADONG nasa Executive Guest House RSTC Hostel at Training Dormitory |

| MGA BAYARIN (Convention Fees) | | MAG AARAL | GURO atbp |
|---|---|---|---|
| Pagpapatala (Registration fee) | | P200 | P300 |
| Tirahan | Exec Guest House (may aircon) | 300 (1 gabi)<br>600 (2 gabi) | 300 (1 gabi)<br>600 (2 gabi) |
| | RSTC Hostel (may aircon din) | 300/600 | 300/600 |
| | Training Dormitory (may bentilador) | 100/200 | 100/200 |
| Pagsapi sa KP (Membership fee) | | LIBRE | 200 |
| Souvenir T shirt (optional) | | 150 | 150 |

PARA SA KAUKULANG PAGHAHANDA ng mga pangangailangang nabanggit sa itaas paki punuan ang mga detalye at IPADALA AGAD ang kupon o bukod na sipi ng mga detalye kay G Jun Tanyag SDC Basement Lopez Bldg Meralco Ortigas Ave Pasig City 0300 METRO MANILA (Tel Blg 641 0859 1622 8646 o 1622 2332 Fax 632 6593 Att n Mr Jun Tanyag SDC Basement)

Puno ng Delegasyon ______________________
Hayskul/Pamantasan ______________________
Pagliilhaman ______________________
______________________
Telepono Bilang ______________ Fax ______________

Maraming salamat sa paanyaya Karangalan naming suportahan ang IKA 3NG TAGISANG PILIPINO at IKA 3NG BIYENYAL NA KONGRESO ng Kulturang Pamana kaya ang aming hayskul/pamantasan ay magpapadala ng ______________ (bilang) na delegado Titigil kami nang ( ) isa ( ) dalawang gabi sa ______________ o sa ______________
( ) Darating kami sa Sabado Agosto 26 at uuwi rin sa hapon

______________ ______________
Lagda Petsa